

EXCERPTS MULA SA 'SERVANDO MAGDAMAG'

(1)

Huwag kang lilingon, huwag kang lilingon,
at ang mga larawan at tinig na iniwan
ng kanyang tumatakas na kamalayan ay
napakarami't nagkalat na sa pasilyo sa
dilim, nagsambulat at nangakataas-bisig
at nagpupumilit makaabot-hawak maging
sa laylayan man lamang ng kanyang
pantalón: isang gulanit na kurbata sa
lupa, silyang umuugoy sa harap ng buwan,
bukol sa pigi ng kanyang lolo, ripleng
duguan sa hagdan, bibig ng isang gurong
wala nang tinig ay patuloy pa rin sa
kabubuka-kasasara.

Huwag kang lilingon, huwag kang lilingon,
hingal niyang usal habang sumasapot na sa
kanyang parang isang kagubatan ng bango
ang samyo ng bangkay ng kanyang lolo.

(2)

Parang dalawang batang bagong laya sa matagal na pagkawala sa isang kagubatan ay tinakbo nila ang pasilyo, Belinda, madali, Belinda, madali, habang sa karimlan ay muling nagsimula ang pag-aalingawngaw ng mga tinig at pag-aahunan ng mga bisig na nag-uumabot sa kanila, ayaw silang paalisin. Kinuha ni Belinda sa kanyang silid ang kanyang maleta't pamuli silang nakipaghabulan sa kanilang mga anino, habang ang mga daga't butil ng karimlan ay nagkakaingay na sa paghabol sa kanila, at ang kanyang ulong muli na namang binabalikwasan ng sinat nito't sakit ay nag-uumikot na sa pagkahilo't halos mapadukmo sa napakabigat na aklat-kasaysayang dala-dala niya. Huwag kang lilingon, huwag kang lilingon, ulit-ulit niyang usal sa sarili sapagkat alam niya sa pinakakaibuturan ng kanyang yanig na dibdib kung ano ang makikita't maririnig sa dinaraanang silid at pasilyo: mga daing at sigaw- pasaklolo ng mga alilang babaing nilulunod lamang ng pag-ingit ng kama; mga hikbi ng kanyang Tiya Dencia na di-malauna'y magiging sigaw ng panunumbat. Huwag kang lilingon, huwag kang lilingon, at ang mga larawan at tinig na iniwan ng kanyang tumatakas na kamalayanay napakarami't nagkalat na sa pasilyo sa dilim, nagsambulat at nangakataas-bisig at nagpupumilit makaabot-hawak maging sa laylayan man lamang ng kanyang pantalón: isang gulanit na kurbata sa lupa, silyang umuugoy sa harap ng buwan, bukol sa pigi ng kanyang lolo, ripleng duguan sa hagdan, bibig ng isang gurong wala nang tinig ay patuloy pa rin sa kabubuka-kasasara. Huwag kang lilingon, huwag kang lilingon, hingal niyang usal habang sumasapot na sa kanyang parang isang kagubatan ng bango ang samyo ng bangkay ng kanyang lolo at kasabay sa pagtuntong niya sa unang baitang ng hagandang bato ay narinig niya ang malamig na tinig, alanganing nanggaling sa kanyang sariling dibdib (nasaklot niya tuloy ang dalang aklat), o nanggaling sa kanyang likuran; humihibik na tinig, nagsusumamo, nagsasabing saan ka pupunta, iho, alam mong di ka makaaalis kailanman, di tayo maaaring magkahiwalay sapagkat tayo'y iisa; at kasabay sa paghigop niya ng paghinga'y napagtanto niyang walang saysay ang lahat, ang pagsilang niya'y siya rin niyang pagbulusok pakulong sa kanyang nakalipas; at lumingon siya, sandali lang, sapagkat pagod na siya sa kung anumang laro o labanan o ritwal itong kinasuungan niya nang siya'y isilang, nakanganga pa ang bibig na

lumingon; at huli na nang tangkain niyang kumapit sa bisig ng napasigaw na si Belinda, nawalan na ng panimbang sa hangin ang kaliwang paa niyang nadulas sa natuntungang riple (dugo ba iyon?) sa baitang ng hagdan, at kasabay sa pagbulusok niyang pahulog, ngatal pa rin ang mga kamay na ayaw kumawala sa yakap-yakap na aklat, ay narinig niya, sa kauna-unahang pagkakataon, ang musika ng kasaysayang hinabi ng kanyang lolo. At kasabay sa pagkabagok ng ulo niya sa sementong sahig at sa pagkalasa niya sa magkasanib na luha at dugo sa kanyang mukha ay nalaman niya kung sino siya, at pagod na siya, wala na siyang lakas pang tumutol sa isang kalahatang ngayon lang niya naunawaan, sa kawalang-katarungan ng pagbabayad niya't pagkakakulong sa isang kahapong di naman niya pinili, at ito ang pinipilit niyang isatinig, nagpipilit pa ring bumuka ang bibig at nakatingala ang luhaang mukha, sa patakpong dumadalong si Belinda.